

1

“He’s a hundred percent lunatic and a moron,” malamig na komento ni Chesca matapos iyakan ng kanyang Ate Lavinia ang lalaking inakala nitong pang-‘forever’ na nito.

“*Korak!* That James is such a loser!” gatong ng kaibigan nilang si Dianne.

“Hindi lang loser,” nakasimangot na gagad ni Reina. “He’s a good-for-nothing imbecile! Biruin n’yo iyon? Ang ganda-ganda na nga nitong kumare natin, eh, nagawa pa siyang ipagpalit sa isang butiking-pasay?”

Lalong umiyak ang ate niya nang patuloy nilang laitin ang ex-boyfriend nitong si James.

Inilibot ni Chesca ang tingin sa medyo madilim na paligid ng Irish pub and restaurant na kinaroroonan nila. Thankfully, most of the patrons seemed absorbed in their own respective worlds.

“Huwag ka ngang umiyak diyan, Ate,” kunot-noong sabi niya. “Hindi iniiyakan ang mga lalaki.”

“Ano nga uli ang dapat gawin sa mga lalaking

manloloko, Chesca?” ani Reina.

“Dapat sa mga lalaking iyan, eh, kinukulam hindi iniiyakan!” diin niya.

Humalakhak sina Reina at Dianne. Pumalahaw lalo ng iyak ang ate niya.

“Para kang tanga, Lav,” sabi ni Dianne. “Tigilan mo na ang pamomroblema sa love life mo. Maghintay ka na lang kasi sa lalaking ibibigay ni Lord. Darating at darating rin iyon, hintayin mo lang.”

“Tama! Gayahin mo kami, inuuna ang career bago ang love life. Tama ba ako, Chesca?” Bumaling sa kanya si Reina.

Nakangiting tumango siya rito. “Kung ako sa ’yo, Ate Lav, iinom mo na lang iyan. Heto—” Sinalinan niya ang baso nito ng tequila. “Ubusin mo iyan. Pagkatapos isigaw mong tapos ka na sa mga lalaki.”

Sisinghut-singhot ang kapatid niya nang kunin nito ang maliit na baso. Itinaas nilang apat ang kani-kanyang mga baso sa ere.

“Guys, gumawa uli tayo ng promise. And I hope this time, wala nang sisira n’un, huh?” Sadyang pinandilatan niya ang mga ito dahil ang mga ito talaga ang laging sumisira sa promise nilang hindi

muna magbo-boyfriend at ang career muna ang uunahin. “Hinding-hindi na ako papayag na maisahan pa ng mga lalaki. Never na akong magpapaloko! Never!”

Nag-cheers silang apat at inisang lagok ang tequila pagkatapos ulitin ng mga ito ang sinabi niya.

“O, ano, okay ka na?” untag niya sa kapatid. Ngumiti na ito. “Huwag ka nang iiyak, ha? Kung hindi isusumbong na talaga kita kay Papa.”

Lagi na lang kasi niya itong pinagtatakpan sa istrikto nilang ama. Kung malalaman ng ama na umiyak na naman ang ate niya dahil sa isang lalaki, malamang na pinapalitan na ng papa nila ang gender nito para lang hindi na uli ito masaktan.

Lasing na yata siya at kung anu-ano na ang pumapasok sa utak niya.

Natawa ito, saka tumango. “Thanks, Sis.”

“Anything for my ate.”

“Ang drama n’yong mag-ate, ah!” kanyaw ni Dianne.

“Group hug na lang, o!” sigaw ni Reina.

Tatawa-tawa silang nagyakap-yakap.

Flight attendant ang Ate Lav niya. At enjoy ito sa trabaho nito. Iyon nga lang, marami rin itong guwapong nakikilala sa trabaho. At madalas ay sa pagnguyngoy nauuwi ang love life nito.

Napansin niyang medyo masaya na ito kumpara kanina noong bagong dating sila sa pub. Nagtaka si Chesca na parang biglang sinapian siya ng malungkot na espiritu at lumipat sa kanya ang mood ng ate niya kanina.

Sinunud-sunod niya ang paglagok ng inumin. Lihim siyang nagpasalamat na hindi siya napapansin ng mga kasama.

‘Dakilang bitter’ ang taguri sa kanya ng mga kaibigan at ng ate niya.

Paanong hindi siya magiging man-hater gayong tatlong beses na siyang nabigo sa mga lalaki? Nagka-boyfriend siya noong fourth year high school, sunod ay noong third year college, at ang pinakahuli ay noong isang taon. Halos pare-pareho lang ang naging dahilan ng mga tinamaan ng magaling na mga ex-boyfriends niya kung bakit siya iniwan ng mga ito at ipinagpalit sa iba.

Boring daw kasi siyang girlfriend. Hindi niya alam kung paanong naging boring ang tipo niyang

laging active sa pagsubaybay kung nasaan na ang nobyo niya, laging nagpapadala ng sweet messages at laging bongga kung magbigay ng regalo sa tuwing darating ang monthsary nila. Minsan nga ay siya pa itong gumagastos sa mga dates nila. In short, isa siyang tanga sa pag-ibig.

Pero noon iyon. Hindi na ngayon.

Ibang-iba na ang Franchesca Austria na laging naloloko ng mga lalaki noon. Hindi na siya ang dating utu-uto at madaling ma-in love na romantic at heart.

Pero minsan, napapaisip din siya kung bakit wala pa rin siyang natatagpuang matinong lalaking tatanggap sa buong pagkatao niya. Kahit kasi sinasabi ng mga kaibigan, ng ate at ng mga magulang niya na nasa kanya na ang mga katangian na hahanapin ng isang lalaki, hindi pa rin siya makaramdam ng kapanatagan na may pag-asa pang makahanap siya ng lalaking magiging tapat at iibig sa kanya nang totoo.

Hindi kasi siya kumbinsido sa mga sinasabi ng mga ito sa kanya. Kung minsan talaga ay hindi niya maiwasang maging *nega* at sensitive. Pakiramdam niya ay hindi siya maganda gaya ng Ate Lav niya. Kung ito nga na sexy na at maganda ay nabibigo pa sa mga lalaking minamahal rin nito, paano pa kaya

siya na ang tingin sa sarili ay isang—okay, maganda nga siya at alam rin niya iyon sa sarili niya—kaya lang ay hindi pa rin maitatangging chubby siya.

Yes, insecure siya pagdating sa figure. Natatabaan siya sa katawan niya. Laging sinasabi ng kapatid niya na hindi siya mataba—curvaceous daw siya. May hubog naman talaga ang katawan niya at wala siyang bilbil. Nagkataon lang daw na mas pumayat sa kanya nang kaunti ito kaya ito ang mas nagmumukhang sexy sa kanilang dalawa.

Kapag sinasabi nito iyon sa kanya—o kahit ng mga magulang nila—sa loob niya ay hindi siya naniniwala sa mga ito. Feeling kasi niya ay inaalo lang siya ng pamilya para hindi siya masaknan.

Kaya hangga't hindi dumarating ang lalaking magsasabi at magpaparamdam sa kanya na maganda at kaibig-ibig nga siyang babae, hindi siya maniniwala sa mga ito.

Ewan lang kung dumating pa ang lalaking iyon. Bukod kasi sa insecure na siya, napakataas pa ng standards niya para sa lalaking paniniwalaan niya.

Gusto niya ay iyong matalino at marunong sa buhay. Iyong responsable at kaya nang bumuhay ng pamilya, iyong hindi umaasa lang sa mga magulang

nito. At kailangan ay may nunal sa bandang upper lip nito gaya ng sa mysterious guy sa kanyang panaginip. Wala sa sariling napangiti siya dahil sa naalala.

Nitong nagdaang mga araw ay madalas na niyang mapanaginipan ang misteryosong lalaki. Pero lagi namang bibig at ang nunal lamang nito ang nakikita niya. Hindi pa niya nakikita nang buo ang mukha nito subalit may pakiramdam siyang guwapo ang lalaking iyon na laging bumibisita sa kanyang gunita at mga panaginip.

And last but not the least sa mga requirements niya, kailangang maiparamdam at maipakita ng lalaking iyon na talagang espesyal siya, maganda at sexy sa paningin nito.

“Hoy, kanina ka pa nakangisi diyan,” untag ng kapatid niya. “Lasing ka na ba?”

Umiling siya. “Hindi, ah.” Siya, malalasing? Malalasing ang lahat ng tao sa pub na iyon pero hindi siya. Malakas ang tolerance niya pagdating sa mga alak—mapa-hard o light.

“Kanina ka pa namin napapansing nakangiting mag-isa diyan. Nakikinig ka ba sa pinag-uusapan namin dito, ha? Hindi naman katatawanan ang pinag-uusapan namin dito ’tapos ay ngising-ngisi ka diyan.

Ano ka, baliw?”

Natawa siya. “Ang OA mo, Ate! Natutuwa lang ako at mukhang okay ka na.”

“Uy, Chesca...” tawag ni Dianne.

Nilingon niya ito. “Bakit?”

“Kanina pa namin napapansin na pasulyap-sulyap sa ’yo iyong pinaka-cute na guy among those four hunks na nand’un sa bar counter.” Inginuso pa nito ang direksyong tinutukoy.

Pasimpleng sinulyapan niya ang bar counter, pagkatapos ay muli niyang hinarap ang mga kasama.

“Sino d’un? O, Dianne, titingin ka pa, eh. Huwag ka namang pahalatang pinag-uusapan natin sila.”

“Uhm, iyong naka-white na polo shirt.”

Muli niyang sinulyapan ang grupo ng kalalakihan. Kumunot ang noo niya nang kinindatan siya ng isang lalaki. Sigurado siyang iyon ang sinasabi ni Dianne na kanina pang pasulyap-sulyap sa kanya.

Pinagtaasan niya ang lalaki ng kilay.

Ang presko! Palibhasa, mayaman...

Sa hitsura na lang ng lalaki, alam niyang hindi

ito pipitsugin.

So what kung mayaman at guwapo siya? I don't care, aniya sa isip.

“Ang guguwapo nila, 'no?” pigil ang kilig na komento ni Reina. “Baka may gusto sila sa atin.”

Kinurot niya sa tagiliran ang luka-lukang kaibigan. “Nginitian ka lang diyan, bumigay ka na agad. Paano na ang promise natin kanina, ha?”

Nanghaba ang nguso nito.

Mayamaya ay tiningnan uli niya ang mga lalaki. Narinig niya ang malakas na pagtatawanan ng mga ito nang saktong tapunan niya ng atensyon ang lalaking naka-polo shirt. Nag-high five pa ang mga ito.

Hindi niya iyon nagustuhan. Pakiramdam ni Chesca ay siya ang kanina pang pinagtatawanan at pinagtitripan ng mga ito kaya tawanan nang tawanan habang pasulyap-sulyap sa direksiyon nila—partikular na sa kanya.

“O, saan ka pupunta?” anang ate niya nang tumindig siya. “Sa CR ba? Pasabay ako. Magre-touch lang ako.”

“No. Hindi ako pupunta sa CR, Ate. Para kasing

may gustong makipagkilala sa akin, eh. Lalapitan ko lang ang mga kumag na iyon.”

Lalo na ang herodes na nakaputing polo shirt na iyon. Hah! Tingnan natin ang tapang mo.

“Oh, no...” narinig niyang sabay-sabay na sambit ng mga kasama.

Marahil ay nakuha agad ng mga ito ang ibig niyang sabihin.

“Huwag n’yo akong pigilan kung ayaw ninyong sa inyo mangati ang mga kamao ko,” kunwa ay pananakot niya.

Nagtawanan ang mga ito. “Go! Go! Huwag mo lang sila masyadong bubugbugin, ha? Baka masira ang mga *fez* nila. Sayang naman.”

2

Wala pang alas cinco ng umaga ay bumangon na si Aaron. Hindi niya maintindihan ang sarili ngunit palaging hungkag ang pakiramdam niya sa tuwing sasapit ang kanyang kaarawan. Dapat ay masaya at excited siya, subalit kabaligtaran ng kagalakan at malayo sa pananabik ang nararamdaman niya nang mga sandaling iyon.

Mamayang gabi ay gaganapin sa kanilang malawak na bakuran ang kanyang ika-dalawampu't walong taong kaarawan. Mula nang magbinata siya ay naadik na siya sa mga party. At talagang nagpapakasaya siya nang husto sa tuwing may pa-party sa kanilang mansion. Natutuwa si Aaron kapag nakakakita siya ng maraming tao na masaya at nagagalak sa mga nakahaing pagkain.

Hindi lang kasi mga mayayamang tao ang iniimbitahan nila kapag may kasiyahan sa mansion. Maging ang mga kapitbahay, tauhan at mga kasambahay nila pati mga pamilya ng mga ito ay imbitado rin.

Hindi nagmimintis ang kanyang pinakamamahal na abuelo sa paghahanda taun-taon para sa kanyang

kaarawan. Animo fiesta iyon para sa buong bayan ng San Agustin. Ang kanyang Lolo Artemius ang nagpalaki at nag-aruga sa kanya mula pagkabata. Maaga kasi siyang naulila sa kanyang mga magulang. Wala siyang kapatid.

Subalit kahit hindi niya halos naranasan ang magkaroon ng magulang ay hindi siya malungkot dahil mahal na mahal siya ng abuelo. Ibinibigay rin nito ang lahat ng kailangan niya, ang halos lahat ng naisin niya. Hindi rin ito nagkukulang sa mga pangaral sa kanya.

Pinalaki siya nitong magalang, masipag at tinuruang maging maabilidad sa buhay. Pinag-aral siya ng matanda at hindi naman ito nabigo sa kanya.

Siya na ngayon ang namamahala ng kanilang negosyo—ang *Montealegre Seafood Products*—na patuloy sa paglago at pagsagana. Ang lolo niya ang mismong nagturo at nag-train sa kanya ng mga pasikut-sikot sa negosyo. Hindi lang iyon. Pati na ang pambababae ay itinuro nito sa kanya. Ang pagiging babaero niya ay rito yata niya namana.

At tila tuwang-tuwa ang abuelo tuwing magkukuwento siya tungkol sa mga babaeng naghahabol sa kanya. Hindi niya magawang magseryoso sa babae. At hindi rin niya sigurado kung

may pag-asa pang magseryoso siya sa iisang babae.

Nasaktan kasi siya sa ginawa sa kanya ng kaunahang sineryoso niyang girlfriend na si Ronna. Ibinigay niya ang lahat-lahat dito, halos makalimutan niya ang sarili para lang ibigay ang lahat ng naisin nito. Kahit alam niyang labag sa kalooban ng lolo niya ang pakikipagrelasyon niya rito ay hindi siya nagpaawat. Ipinagpatuloy niya ang pakikipagrelasyon niya sa babae dahil mahal na mahal niya ito. Noon.

Pero ang lahat ng sakripisyo at paghihirap niya para lang mapatunayang seryoso siya rito ay nabalewala nang tuluyan siyang iwan nito at ipagpalit sa napakababang halagang in-offer noon ng abuelo niya para layuan siya.

Nagtalo sila noon ng lolo niya. Sinabi nito sa kanya na darating ang araw na magpapasalamat din siya sa ginawa nito. Sinubukan niyang hanapin at kausapin noon si Ronna. Subalit naglaho na lang ito na parang bula. Akala niya ay iba ito sa mga babaeng nakilala niya na naghahabol sa kanya dahil mayaman siya. Na talagang minahal siya nito. Pero hindi pala. Ginamit lang siya nito. Sa huli pala ay bibigay rin ito sa halagang dalawang milyon. Hindi niya akalaing ganoon lang pala kababa ang presyo niya para rito.

Pakiramdam niya nang mga panahong iyon

ay wala siyang kuwentang lalaki. Isinumpa niya sa sariling hinding-hindi na siya magpapaloko pa sa mga babaeng ang habol lang sa kanya ay salapi. Tingin niya ay walang babaeng magmamahal nang tapat sa kanya.

“Hindi ako bitter, mga pare. It’s just that I realized na hindi ko kailangang magseryoso para sumaya. Chill lang. Kapag kasi nagseryoso ka lalo na sa lintik na pag-ibig na iyan at iniwan ka lang o ipinagpalit sa iba o sa materyal na bagay sa bandang huli... talo ka.”

Ganoon ang sinasabi niya sa mga kaibigan kapag tinutukso siyang maghanap na ng seseryosohing babae. Siya ang laging tampulan ng tukso dahil siya na lamang daw ang walang serious girlfriend. Tumatanda na raw siya.

Naalala niya ang babaeng nanapak sa kanya nang dalawang beses sa Irish pub na pinuntahan nila minsan nang magkayayaan silang magbabarkada.

Nag-uusap sila tungkol sa paghahanap ng mga ito ng babaeng magugustuhan daw niya at maaari niyang seryosohin. Napatingin sila sa apat na babae sa di-kalayuan dahil sa isinigaw ng nag-iisang chubby sa grupo.

“Dapat sa mga lalaking iyan, eh, kinukulam hindi

iniiyakan!”

Napangiti siya noon sa ginawa nito. Tila wala itong pakialam kung marinig man ng lahat ng tao roon lalo na ng mga lalaki—gaya niya—ang isinigaw nito.

At sa kabila ng mapusyaw na ilaw sa pub, nabistahan niyang maigi ang mukha nito. Medyo bilugan ang mga mata nito, katamtaman ang tangos ng ilong at manipis ang mamula-mula nitong mga labi. Aaminin niyang hindi ito kasing-sexy at hindi ito ang pinakamaganda sa mga kasama pero hindi niya maintindihan kung bakit ito ang pinakanagustuhan niyang pagmasdan sa grupo.

Napansin siya ni Dave, ang pinakakalog sa grupo, at ang naghahanap ng babae sa loob ng pub na maaari raw niyang matipuhan at seryosohin. Subalit dahil mga nakainom na sila ay hindi nila naiwasang maging makulit at pilyo. Nagkabiruan sila at nagkatuksuhan nang mahalata ng mga babae na pasulyap-sulyap ang grupo nila sa direksyon ng mga ito partikular na sa binansagan niyang si ‘Chubby Beauty’.

“Mukhang masungit si Miss Chubby, ah,” puna ni Tyrone.

Marahil ay nakita nito kung paano siyang

pinagtaasan ng isang kilay ng babae. Siguro ay hindi nagustuhan ng huli ang pagkindat at ang pagpapa-cute niya rito.

He was crazy. Siya—si Aaron Montealegre—nagpapa-cute sa isang babae? Sa isang chubby na babae? Well, granted talagang maganda ito at... sexy. But it was definitely not his style.

Maybe he was already drunk...

“Oo nga. Mukhang hindi ka niya type, Bro,” tatawa-tawang sabi ni Rico.

“Bah, Aaron, payag ka bang tinataas-taasan ka na lang ng kilay diyan? Bigyan mo nga ng sample ang isang iyan nang magtanda. Siya pa itong mataray, eh, ang taba-taba naman niya!” ani Dave.

Sinaway niya ang mga kaibigan. “Huwag nga kayong magulo. Kung talagang gusto n’yo akong makahanap ng seseryosohin kong babae, hayaan n’yong ako ang dumiskarte sa kanya.”

Eksaheradong suminghap ang mga ito dahil sa sinabi niya.

Nginisihan lang niya ang mga ito. “Yes, guys. I think I like her.”

Humalakhak ang mga kasama.

Alam niyang hindi naniniwala ang mga ito sa kanya. Sanay na sanay kasi ang mga ito na nanggu-goodtime lang siya. Mayamaya ay nakita nilang tumayo ang 'Chubby Beauty' niya. Napansin niya agad ang pangangatawan nito.

She wasn't slim... but she wasn't fat either. The woman was voluptuous, Aaron decided.

Parang ang sarap niyang yakapin...

"Ooh, mukhang type ka rin niya, Bro," biglang bawi ni Rico.

"Ah, she's really pretty pala... at sexy, ha," saad ni Tyrone.

"Man, she's smiling at you!" Siniko pa siya ni Dave.

Uminom muna si Aaron dahil pakiramdam niya ay biglang nanuyo ang kanyang lalamunan. Habang palapit ang babae sa kanya ay tila lalong nadagdagan ang karismang taglay nito. At nang nasa tapat na niya ito ay hindi niya napigilan sa pagkabog ang puso niya.

He didn't know why his heart was thumping that hard.

At nang batiin siya nito ay natameme siya. Ang ganda ng boses nito! Pero hindi lang iyon, bumilib siya sa katarayang ipinakita nito sa mga sumunod na

sandali.

First time na may nagtaray sa kanya nang ganoon. Kaya naman naaliw siya nang husto rito. So he smiled at her thinking that she'd appreciate his so-called charismatic grin—as other girls did.

Ngunit sinimangutan lang siya nito at tinanong ng, “Are you laughing at me, Mister?”

Tumayo siya para sana tapatan ang katangkaran nito. Lihim siyang natuwa na mas matangkad siya rito. Sabagay, bihira sa mga babae ang mas matangkad sa kanya.

“Man, she looks tough,” narinig niyang bulong ni Rico.

“More like ‘fat’,” pang-aasar ni Dave.

Lasing na yata ang gago.

Nagtawanan ang mga siraulo niyang kaibigan. Sinaway niya ang mga ito dahil tiyak niyang nasaktan si ‘Chubby Beauty’ sa narinig. Nanlilisik ang tingin nito sa kanya na animo siya ang nang-insulto rito. Parang gusto na siya nitong patayin sa pamamagitan ng tingin nitong iyon. Naisip niyang lawakan ang ngiti. Baka-sakali kasing mapalamig ng ngiti niya ang sama ng loob nito. Kinindatan uli niya ang babae. Sabi kasi ng

mga nakakasama niyang babae ay lalo siyang nagiging guwapo kapag kumikindat siya at nakakakilig umano iyon.

Pero taliwas sa mga sinabi ng mga babaeng iyon ang naging reaksyon ni ‘Chubby Beauty’ sa ginawa niyang pagkindat dito.

“Are you sick or just crazy? Bakit ba kanina ka pa kindat nang kindat diyan, ha? At ako ba ang pinagtatawanan ninyo, ha? Bakit? Dahil ba ako lang ang naiiba sa grupo ko? Dahil ako lang ang mataba sa aming apat, ha? Gan’un ba, ha?”

Ngali-ngali niyang pagsusuntukin ang mga kaibigan nang marinig niyang nagpigil ng tawa ang mga kaibigan. Pero lalo lamang napabunghalit ang mga ito.

Kung hindi dahil sa kalokohan ng mga ito, malamang ay hindi ganoon ang unang paghaharap nila ng babae.

Tumikhim si Aaron. “Miss, I’m sorry, but I think you misunderstood—”

“Misunderstood-in mo ang lelong mo!” Bago pa siya makapagpaliwanag ay dumapo na ang kamao nito sa mukha niya.

Napa-‘aww’ ang mga kaibigan niya. Kung hindi siya nasalo ng mga kasama ay malamang na bumagsak na siya sa malamig na sahig. Sa sobrang pagkagulat ay hindi siya nakapagsalita o nakapag-react man lang. Hindi niya akalaing may ganoon katapang na babaeng maglalakas-loob na sumuntok sa mismong mukha pa niya dahil lang sa simpleng biruan.

“Ano? Nagulat ka dahil nabangasan ko iyang ipinagmamalaki mong mukha? Hoy, Mister, hindi lahat ng babae, eh, madadala ng mga ngiti at pakindat-kindat mong iyan! Huwag kang ilusyunado na lahat ng babae, eh, maaakit mo. At para sabihin ko sa ‘yo, Mr. Arrogant, hindi ka kaguwapuhan.”

“Aba, Miss, hindi ka rin kagandahan!” He didn’t mean to say those words to her. Kaya nga nagulat din siya sa sarili niya kung bakit niya naibulalas iyon.

Kitang-kita niya sa magagandang mata ng babae na nasaktan ito sa sinabi niya. Namula ang mga pisngi nito. Alam niyang napahiya ito. Magso-sorry na sana siya subalit muling umigkas ang kamao nito sa mukha niya. And this time, hindi lang siya basta nagulat kaya hindi na naman siya nakapaghanda upang makaiwas. Sa sobrang lakas ng suntok nito ay halos panawan na siya ng ulirat.

Ang mga tarantado naman niyang kaibigan ay

idineklarang knockout siya at nawalan ng malay.

Wala sa sariling natawa at napailing siya nang maalala ang tagpong iyon. Pagkatapos nang gabing iyon ay hindi na siya tinantanan ng mga kaibigan. Tinutukso siya ng mga itong mahina na pala siya pagdating sa mga babae.

Maraming nagkakandarapa sa paghabol sa kanya, mga naggagandahan at nagseseksihang mga babae, pero sa isang chubby lang daw babagsak. As in lagapak siya sa sahig dahil hindi na niya kayang mang-akit ng babae gamit ang kanyang ngiti at simpleng pagkindat. Lalo pa at sa hindi pa diumano kaseksihang babae siya natapat.

Tinanong siya ng mga ito kung ano ang gagawin niya oras na magkaharap uli sila ng babaeng iyon. Isa lang ang naging sagot niya: bibigyan niya ng leksyon.

Lalo siyang tinukso ng mga ito dahil alam ng mga ito kung ano ang ‘leksyon’ na tinutukoy niya.

He would kiss her to death until she pleaded for his time and attention. O hanggang sa magmakaawa itong pakasalan na niya ito.

“Mukhang tinamaan ka lang talaga sa chubby girl na iyon, Bro, eh! Bakit dati may nagsuplada na rin sa iyong matabang babae pero ano’ng ginawa mo? Wala!

Hinayaan mo lang siya. "Tapos ngayon sasabihin mo sa aming bibigyan mo siya ng leksiyon? Man, careful. Diyan nag-uumpisa ang love..." naalala niyang tudyo sa kanya ni Dave.

Tinawanan lang niya ito at hindi na siya nagkomento pa. Kapag kasi nagsalita pa siya o ipinaliwanag niya ang kanyang panig ay hahaba lang ang pagtatalo at panunukso nito.

Nang makababa siya mula sa second floor ng kanilang mansion, dumerecho siya sa kusina para magtimpla nang kape. Naabutan niya ang abuelo roon.

Nakangiting nilapitan niya ito. "Good morning, Lo," bati niya.

"Morning, birthday boy."

"Maaga yata kayo ngayon, Lolo?" puna niya. Sanay kasi siyang nauuna siyang magising dito.

Nagkibit-balikat ito. "Kailan ba ako bumangon ng tanghali?"

Natawa siya. "No. I mean, mas maaga yata kayong bumangon ngayon."

"Gusto ko lang. Hindi por que may edad na ako ay hindi na ako maaaring bumangon nang maaga

para mag-ehersisyo. Naglakad-lakad ako kanina sa labas para makasagap naman ng malamig at sariwang hangin.” Iyon ang isa sa ikinahahanga niya sa abuelo. Kahit sitenta anyos na ito ay hindi mahahalatang ganoon na ang edad nito. Napananatili ng matanda ang magandang kalusugan at pangangatawan kaya naman marami pa ring nagkakagusto rito sa kabila ng katandaan. Makisig pa rin kasi ito at guwapo kahit na medyo halata na ang senyales na lumipas na ang kabataan nito.

Likas silang mestizo dahil may lahi silang Kastila. Iyon ang isa sa ipinamana nito at ng kanyang papa sa kanya—ang pagiging mestizo at guwapo. Ang tanging nakuha lamang daw niya sa kanyang ina pagdating sa pisikal na anyo ay ang kanyang mga mata na medyo singkit. Half-Chinese kasi ang kanyang ina.

“Hindi ba kayo nirarayuma, Lolo?” biro niya.

Kunwa ay umismid ito. “Hijo, huwag mo akong patawanin. Kung ang ibig mong sabihin ay matanda na kasi ako, aba’y magtigil kang bata ka. Kalabaw lang ang tumatanda. Ang lakas-lakas pa nitong lolo mo.”

Nagkatawanan sila.

“Maiba tayo ng usapan. May gusto pala akong

ipasundo sa 'yo sa bayan.”

“Ho? Sino po, Lo? Babae ba iyan? Will I like her? Sexy ba siya? Maganda? O magandang-maganda? Puwede ko ba siyang *date* mamaya para sa party ko?” biro niya.

Iiling-iling na tumawa ito. “I think you’ll like her. Apo siya ng matalik kong kaibigan na matagal nang namayapa.”

“Si Lolo Rico ba ang tinutukoy n’yo, Lo? Iyong taga-Manila?” Iyon kasi ang alam niyang matalik na kaibigan nito—si Luderico Austria.

“Yes.”

“Wait, how old is she? Baka naman nene ang ipapasundo ninyo sa akin, ha?”

“No, she’s not a kid anymore. Nakausap ko kagabi si Potz at talagang sa boses pa lamang ay dalagang-dalaga na ang pinakapaboritong apo na iyon ni Rico.”

Potz? Hindi niya naitago ang pagngiwi nang marinig ang itinawag nitong palayaw. Parang ang bantot sa pandinig. Pinigil niya ang pagkaaliw dahil baka mapagalitan pa siya ng lolo niya kapag nalaman nitong pinagtatawanan niya ang apo ng matalik nitong kaibigan.

Hindi niya matandaan kung may nakilala na siya sa mga apo ni Lolo Luderico. Napakatagal na panahon na pati nang huli silang magkita ng matanda bago ito pumanaw. Hindi rin siya nakapunta sa burol nito—masyado siyang busy-busy-han. Nagdahilan siya sa abuelo na wala siyang free time para samahan ito sa Manila kaya ito lamang ang nakapunta sa burol at libing ng matalik na kaibigan.

“Gusto kong ikaw ang personal na mag-asikaso sa kanya. Ikaw ang bahalang magbigay ng kailangan niya.”

“Okay, Lolo. Ako na ho ang bahala sa kanya. Trust me na hindi kayo mapapahiya sa pag-aasikasong gagawin ko sa apo ng kaibigan ninyo,” he said meaningfully, then winked at the old man.

Animo nagdududang tumingin ito sa kanya, saka nagtaas ng kilay. “Hoy, Aaron, kilala ko iyang ngiti mong iyan. Uunahan na kita, Apo. Hindi ako makakapayag na isali mo siya sa listahan mo ng mga babae mo.”

Tumawa siya. “Si Lolo naman, o. Siyanga po pala, bakit siya pupunta dito sa atin? Inimbitahan n’yo ho ba siya para sa party ko?”

“Actually, Hijo, hindi alam ni Potz na kaarawan

mo ngayon. Hindi ko rin sinabi na may party na gaganapin mamayang gabi. Tinawagan ko siya para itanong kung buhay pa ang negosyo ni Luderico. And when she said yes, sinabi kong may ipapakilala ako sa kanyang negosyante para sa kanya na lang bumili ng mga kailangang upuan at iba pang furniture. I invited her to visit here para maipakilala ko sa kanya.”

“Sino namang negosyante iyon, ’Lo? And by the way, baka puwede ko rin siyang makilala, I mean para makita ang brochures ng mga produkto nila. Baka sakaling sa kanya na lang ako bumili ng mga muwebles para sa bago kong resort.” Ang nasabing negosyo ang pinakabago niyang pinagkakaabalahan.

“Ikaw talaga ang businessman na tinutukoy ko, Apo.”

Natawa siya. “Si Lolo talaga. Hindi n’yo agad sinabi.”

“Kaya mag-behave ka sa kanya. Huwag mo siyang pababayaan habang nandito siya sa atin.”

Tumangu-tango siya. “Sige po, Lolo. Makakaasa kayong hindi ko siya pababayaan. Ako rin ba ang maghahatid sa kanya sa bayan bukas? O gusto n’yong ihatid ko na siya hanggang Manila? Tatal ay babalik na rin ako bukas ng hapon doon.”

“Tingnan mo itong batang ito. Hindi pa nga nakakadating dito si Potz, eh, pag-uwi agad niya ang iniintindi mo.”

He chuckled. “I’m sorry. Bakit ho ba? Magtatagal po ba iyong Potz na iyon dito sa’ tin? Baka mainip lang iyon.”

“What is that supposed to mean, young man?”

He shrugged and smiled. “Baka lang kasi... alam n’yo na.” Baka ito iyong tipong madaming kaartehan sa katawan. Baka makakita lang ng palaka ay mandiri na at magtatalon sa takot.

At talagang hindi patok sa kanya ang ganoong uri ng babae. At kung ganoon ang apo ni Lolo Luderico... sorry na lang ang Potz na iyon. Malabong mapalapit ito sa kanya.

“No. From what I heard, she’s a sweet and nice girl. Kaya nga siya ang pinakapaborito ni Luderico, eh. Also, I asked her to stay for a week. Kaya lamang ay hanggang five days lang daw siya maaaring magtagal dito sa San Agustin dahil siya ang in-charge sa pamamahala sa negosyong iniwan ng lolo niya. Kaya gusto kong ikaw ang maging guardian and at the same time ay tourist guide na rin niya dito sa bayan natin kung sakali mang gustuhin niyang mamasyal

At First Kiss - Bella Miara

sa buong San Agustin. Tiwala akong hindi siya mababato habang nandito siya sa atin. Pero inuulit ko sa 'yo, Apo. Huwag na huwag mong pagtitripan gaya ng ibang mga babae mo si Potz. *Intiendes?*”

Tatawa-tawang tumango siya. “Opo, Lolo. Anong oras ko ho ba siya susunduin mamaya sa bayan?”

“Around eight.” May dinukot ito mula sa bulsa ng suot na robe. “That’s Potz’ phone number. Contact her, okay?”

Tumango siya habang tinitingnan ang pangalan at numerong nakasulat sa papel.

Franchesca Austria. Lovely name...

3

Napabuga muli ng hangin si Chesca. Hindi niya alam kung pang-ilang buga na niya iyon ng hangin. Kanina pa kasi siya inip na inip sa paghihintay sa susundo sa kanya sa terminal ng bayan ng San Agustin.

Nasaan na ba iyong sinasabi ni Lolo Art?

Nagtungo siya roon hindi lang para dalawin ang matalik na kaibigan ng kanyang Lolo Rico kundi para na rin makaharap nang personal ang negosyanteng ipapakilala umano ng matanda. Posibleng buyer daw ng mga produkto ng *Austria Wooden Craft & Design*—ang iniwang negosyo ng kanyang lolo.

Alas ocho ng umaga ang usapan subalit menos kalahati na para alas nueve ay wala pa rin ang kumag na susundo sa kanya.

Ano ba namang klase iyong inutusan ni Lolo Art para sunduin ako? Pagong ba iyon o tatanga-tanga? Baka naligaw pa iyon sa kabayanan, ah!

Nakasimangot si Chesca habang nilalait ang sundo niya sa isip. Hanggang ngayon ay wala pa ring lumalapit sa kanya para tanungin kung siya si Franchesca Austria na patungo sa mansion ng mga

Montealegre.

Malinaw naman sa text message na ipinadala niya kanina sa numero ng sundo niya na ibinigay kagabi sa kanya ng Lolo Art na madali siyang makikilala niyon dahil sa suot niya. Naka-itim na floral dress siya na may pink na belt at naka-abaca sandals. Nakasuot din siya ng summer hat at dark brown na sunglasses. At ang tanging alahas niya sa katawan ay pink na stud earrings.

Daig pa niya ang turistang magbi-beach sa getup niya. At ngayon ay pinagpapawisan na pati ang kili-kili niya sa sobrang init sa labas ng terminal na kinaroroonan niya.

Naiinis na pumasok siya sa nag-iisang café na malapit sa terminal. Doon na lang siya maghihintay sa pagong na sundo niya. Naisipan niyang magpalit ng damit dahil talagang tumatagaktak na ang pawis niya.

Kaya lang naman niya piniling magsuot ng itim na damit ay dahil pumapayat siyang tingnan kapag nakasuot siya ng itim. Malay ba niyang napakainit ngayon sa bayan na iyon?

Mas mainit pa yata dito kesa sa Maynila...

Pagpasok niya sa café ay dumerecho siya sa CR.

Nagpalit siya ng isang may kanipisang loose white shirt at maong shorts. Nakahinga siya nang maluwag dahil naghinawaan siya kahit papaano. Paglabas niya sa CR ay nagtungo agad siya sa counter para um-order ng kahit na anong malamig na maiinom.

Pagkatapos niyang magpasalamat nang iabot sa kanya ng cashier ang sukli ay pumihit na siya paharap upang maghanap ng mauupuan. Nang makakita ng mapupuwestuhan ay humakbang na siya. Ganoon na lang ang paghiyaw niya nang maramdamang nabasa siya ng malamig na likidong mula sa tangan niyang inumin. Tumapon sa dibdib niya ang binili niya dahil may nakabunggo sa kanya.

O mas tamang sabihing may ‘sadyang’ bumunggo sa kanya. Tuluyan niyang nabitiwan ang biniling inumin na natapon lahat sa kanyang dibdib.

Napamura siya sa isip nang makitang basang-basa ang dibdib niya at bakat na bakat pa ang itim niyang bra! Ang unang sumagi sa isip niya ay murahin ang lalaki—oo, alam niyang lalaki iyon dahil kahit hindi niya tingalain ay amoy na amoy lalaki dahil sa mamahaling pabango nito—subalit inuna niya ang sarili.

Pasimple niyang itinakip ang kanang braso sa kanyang basang-basang dibdib.

“I’m sorry, Miss,” anang lalaki.

Nagulat siya nang may mabangong bagay na tumakip sa kanyang dibdib. Magpapasalamat sana siya sa nagsalita—sa lalaking nakabunggo sa kanya dahil sa pagpapahiram nito sa kanya ng checkered polo nito upang takpan ang nabasa niyang dibdib subalit nakalimutan niya ang sasabihin pag-angat ng kanyang tingin dito. Bahagyang nagsalubong ang mga kilay niya.

The man looked familiar...

Napasinghap siya nang mapansin ang nunal sa kanang bahagi ng pisngi nito, malapit sa pang-itaas nitong labi. Tuluyan nang nawala ang kanyang sasabihin nang maalala kung saan niya ito nakita.

He’s the man in my dreams! tili niya sa isip.

Ipinilig ni Chesca ang ulo.

Impossible.

Pero bakit parang... nagkita na sila nito noon? Hindi lang niya matandaan kung saan o kailan...

Nakita niyang ngumiti ito. Lalong nagsalubong ang mga kilay niya.

“Mamaya mo na lang ako murahin, Miss. Mabuti

pang magpalit ka na ng damit bago ka pa mamanyak ng ibang lalaki dito. Papalitan ko na lang ang nasayang na inumin mo.”

Hindi na siya nakipagtalo pa. Marahan siyang tumango at mabilis na bumalik sa CR. Mabuti na lamang at nagdala siya ng ekstrang damit. Pangtatlong araw ang baon niyang gamit. Uuwi na lang siya nang mas maaga kung ganoon.

Nang makita ang repleksyon sa malaking salamin at ma-satisfy sa hitsura ay saka lamang siya lumabas ng CR. Bahagya pa siyang napapitlag nang makitang nag-aabang sa labas ng pinto ang lalaki.

Walang-imik na ibinalik niya rito ang polo nito. Sinabayan siya nito sa paglalakad. Bigla siyang nakaramdam ng pagkaasiwa. Napansin kasi niyang kanina pa kakaiba ang ngiting ibinibigay nito sa kanya. Isa pa ay hindi niya kayang ignorahin ang kabanguhan nito. Para bang bagong-ligo ito at animo kaisa ng pawis nito ang mamahaling men’s perfume na gamit.

All right, he was attractive and sophisticated and all too aware of the effect he had on women. At ginagamitan siya nito ng kaakit-akit na ngiti nito para mapansin niya itong lalo.

Ngali-ngali niyang sabihin dito na, “*Oo na! Napansin na kita. I find you attractive so enough of that smile!*”

Hindi kasi niya nagugustuhan ang kakatwang pagsirko ng puso niya sa simpleng ngiti lamang nito.

“Bakit mo ako sinusundan?” kunwa ay pagtataray niya.

“This is the only way out. Pero ang totoo, gusto kong humingi ng tawad sa nangyari kanina.”

“Nagawa mo na iyon. Hindi mo na kailangang ulit-ulitin.”

Halatang naaliw pa ito sa kanya sa halip na masura sa katarayan niya. Nakatitig ito ngayon at nakangiti sa kanya.

“P-puwede ba, Mister?” *Tigilan mo na nga ang pagpapa-charming mo!*

“What?”

Naiinis siya sa sarili dahil hindi niya masabi rito ang sigaw ng isip niya.

Bago pa siya mahumaling nang tuluyan sa guwapong lalaki ay iniwan na niya ito. Pinagpapawisan na naman kasi siya. At hindi iyon dahil sa init

ng panahon kundi dahil sa tensyong dulot ng kaguwapuhan nito sa kanya. Ngayon lamang siya tiningnan sa ganoong paraan ng isang lalaki. Na para bang... napakaganda niya? At hindi nga ba't napansin niya kanina na pasimple nitong hinagod ng tingin ang kabuuan niya? At kung hindi siya nagkamali ng pagbasa sa mga mata nito, masasabi niyang natuwa at nagandahan ito sa nakita sa kanya.

Flawless naman talaga siya. At kahit may katabaan siya, wala siyang bilbil.

Ngali-ngali niyang batukan ang sarili. Bakit ba siya nag-iisip ng ganoon?

“Miss, have we met before?”

Gulat na bumaling siya rito. Sinusundan pa rin pala siya nito. Nasa labas na siya ng café. Pareho kaya sila ng pakiramdam na nagkita na sila noon kaya siya tinanong nito ng ganoon?

“Ah, no. Why?”

Tumangu-tango ito. “Wala naman. Anyway, s’abi ko nga pala papalitan ko iyong natapon—”

“Ah, no thanks. Kailangan ko nang umalis.” Baka dumating na ang sundo niya at hinahanap na siya niyon. Nagpalinga-linga siya sa paligid ng terminal.

Nag-text na ang sundo niya at ang sabi ay nakaasul na damit ito. Ngunit wala siyang mamataang nakaganoong damit sa mga taong naroon.

Nakita niya sa gilid ng mata niya na naglabas ng cell phone ang lalaki sa tabi niya. Nagpipindot ito roon. Marahil ay may susunduin din ito roon.

Girlfriend?

Nainis siya sa sarili. Pakialam ba niya kung sino ang susunduin nito roon? Hindi na siya nito muli pang kinausap pagkatapos niya itong tanggihan.

Naalala niyang kunin ang sariling cell phone. Ite-text na niya ang sundo para alamin kung ano na ang nangyari rito. Dapat ay kanina pa niya ito tinawagan para itanong kung dapat pa ba niya itong hintayin o kung kailangan na niyang sumita ng tricycle para ihatid siya sa mansion ng mga Montealegre.

Nakita niyang may dalawa siyang mensahe mula sa sundo niya. Naka-vibrate lang kasi iyon.

Binasa niya ang mga mensahe nito.

I'm sorry, Miss Franchesca. Mdyo male-l8 lng ako ng konti. Na-flat kasi wheels ko. W8 for me, ok?

Napangiti siya sa nabasa. Buong-buo kasi ang pangalan niyang ginamit nito.

D2 na me, asan k n? :)

Iyon ang nakasaad sa ikalawa at huling mensaheng ipinadala nito. Hindi niya napigilang matawa. May smiley pa ang text nito sa dulo. Tinawagan na niya ang numero nito habang palinga-linga siya sa paligid.

Nakahinga siya nang maluwag nang mag-ring ang cell phone nito. Bahagya siyang lumayo sa katabing lalaki nang mag-ring din ang cell phone nito. Pagsulyap niya rito ay nginitian pa siya nito bago ito tumalikod sa kanya upang sagutin ang tawag. Tinalikuran rin niya ito.

“Hello?” sagot ng kanyang sundo.

Hindi niya alam kung bakit, but her heart leaped upon hearing his silky voice.

Tumikhim muna siya bago siya nagsalita. “I’m sorry, ngayon ko lang na-receive ang message mo. Ah, where are you? Kanina pa ako naghihintay sa ’yo, eh.”

Kumunot ang noo niya nang hindi ito agad sumagot. “Hello? Are you still there, Mister?”

“You’re Chesca?”

Ano ba ’tong pinili ni Lolo Art na sundo ko? Bingi o tanga?

“Yes, it’s me, Chesca. Nasaan ka na ba?” medyo napipika nang tanong niya.

“Ano ulit kulay ng damit na suot mo?”

Napatingin siya sa damit niya. Hindi na nga pala siya naka-itim. “Ahm, I’m sorry. Something happened kaya nagpalit ako ng damit. I’m wearing a white shirt now. May smiley sa likod ko at—”

Narinig niya ang paghalakhak nito sa kabilang linya. Subalit ang mas ikinakunot ng noo niya ay ang boses nito na animo nagiging lalong pamilyar sa kanya. Na para bang napakalapit nito sa kanya at...

Natigilan siya. Pinatay na niya ang tawag subalit dinig na dinig pa rin niya ang halakhak ng lalaking iyon. Dahan-dahan siyang pumihih.

Kinawayan siya ng lalaking nakabangga sa kanya kanina.

Shucks! Noon lang niya napansing blue ang dominant color ng checkered polo na ipinahiram nito sa kanya kanina! May pang-ilalim itong T-shirt na puti kaya hindi niya agad napansin.

“Hi, Miss Potz!” bati nito, kuntodo ang ngisi. “Ikaw pala ang magandang binibining susunduin ko?”

Ganoon na lang ang panlalaki ng mga mata niya.

Bumagsak yata ang kanyang panga.

“I-ikaw?”

Kaswal na inilahad nito ang kanang kamay. “Hi, Pretty. I’m Lolo Art’s grandson. My name’s Aaron Montealegre. You can call me ‘yours’ anytime,” pilyong sabi nito sabay kindat sa kanya.

Pasulyap-sulyap si Aaron sa katabing kanina pa walang imik. Naaaliw na ngumiti siya.

What a small world, sa isip-isip niya.

Tumikhim siya para kunin ang atensyon nito. Mukha kasing wala itong kabalak-balak na kausapin o lingunin man lamang siya. “Mga fifteen minutes pa bago makarating sa mansion. Baka naman mapanisan na tayo ng laway niyan kung hindi man lang tayo mag-uusap dito, Miss Potz.”

Pinigilan niya ang matawa nang mahuli ang pagngiwi nito. Marahil ay hindi nito inaasahang tatawagin niya ito sa nakakatuwang nickname nito.

“Puwede bang tawagin mo na lang akong Chesca? Hindi na ako bata para tawagin sa nickname na ‘yan,” tila napipikang sabi nito.

“I’m wondering kung bakit iyon ang nickname mo.”

“And I’m wondering kung bakit kanina ka pa daldal nang daldal diyan kahit hindi naman kita kinakausap. Hindi ka ba napapagod, ha? Now, kung talagang curious ka sa alamat o history ng nickname ko, puntahan mo ang parents ko at sila na lang ang tanungin mo.”

Natawa siya sa kasupladahan nito. For the record, ito pa lang ang sumupalpal sa kanya nang ganoon. Kunsabagay, ito nga rin pala ang kauna-unahang babaeng hindi nakapansin sa charm niya at ang tanging babaeng nanapak sa kanya. Twice.

Nakangiting napapailing siya. He was glad to see her again. “I could not believe we’d meet again, Potz.”

Sinulyapan uli niya ang babae nang marinig ang pag-ungol nito.

“Will you stop calling me ‘Potz’? Bakit ba iyon nang iyon ang itinatawag mo sa akin, ha? Nang-aasar ka bang talaga?”

“No. Naku-cute-an lang ako sa nickname mo.”

Inismiran siya nito at nanahimik na uli. Ngunit mayamaya ay binasag din nito ang katahimikan.

“Teka... ano iyong sinabi mo kanina?”

“Alin d’un?” Sa dami ng sinabi niya rito—tungkol sa bayan ng San Agustin, komento niya sa kalamidad na nangyayari ngayon sa buong mundo, sa gobyerno at sa kung anu-ano pa para magpapansin lang dito—ay hindi na niya alam kung alin sa mga iyon ang tinutukoy nito.

“Ang s’abi mo... hindi ka makapaniwalang nagkita uli tayo. Bakit mo nasabi iyon? Wala akong matandaang nagkita na tayo.”

“Ouch!” Umiling siya, tatawa-tawa. Bilib na talaga siya rito. Hindi niya akalaing may babae palang hindi man lang matatandaan ang pagmumukha niya. “Hindi mo talaga ako matandaan? Nakakasakit ka na talaga ng damdamin, Miss Austria. Isang linggo pa lang simula n’ung huli tayong magkita ’tapos kinalimutan mo na agad itong guwapo kong mukha?”

Kumunot ang noo nito. Natahimik uli ito, animo hinahalukay sa isip kung nagkita na nga sila o ano.

“I’m sorry. Hindi talaga kita matandaan. Bakit, saan ba tayo nagkita noon? Kailan?”

Ipinaalala niya rito ang naganap sa pub na pinuntahan nilang magbabarkada noong isang linggo. Napasinghap ito.

“That was you?” hindi makapaniwalang bulalasing katabi.

“Yep.”

“Don’t tell me I owe you an apology—”

“Hindi ko sinabi iyon. Pero sa totoo lang, hindi ako ang dapat na sinuntok mo. I know my friends were boorish that night. Kaya naiintindihan ko ang ginawa mo. Hindi lang ako makapaniwalang mabilis mo akong nakalimutan.”

Hindi ito umimik. Hanggang sa makarating sila sa mansion ay hindi na siya nito kinausap pa. Nag-alala tuloy si Aaron. At the same time ay lalo siyang na-challenge dito. Mukhang may nahanap na talaga siyang babae na kayang tumanggi sa kanyang charm.

He smiled wickedly.

Tingnan natin kung hanggang kailan ’yang kasupladahan mo sa akin, Franchesca.